

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-22 ng Abril 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Bilang parte ng aming regular na mga update, nais naming ipaalam agad sa lahat ng tao ang mga resulta ng pagsusuri pagkabalik nito sa amin mula sa United Kingdom.

Gayunpaman, nais ng KEMH na ipaalala sa lahat ng tao na nakuhanan na ng swab na kailangan nilang maghintay para malaman ang mga resulta ng direkta mula sa KEMH.

Tinatawagan ng staff ang sinumang apektado sa loob ng isang araw pagkatanggap ng mga resulta, at hindi na kailangang tawagan ang ospital.

Kung nag-aantay ka ng resulta ng iyong swab, kailangan mong magpatuloy sa pagsunod sa mga abiso na ibinigay sa iyo ng ospital hanggang sa matawagan ka ng KEMH.

Tatlong-daan at tatlumpu't pitong (337) na samples na ang nasuri sa UK, dito ay may labingdalawang (12) positibong resulta ng COVID-19 mula sa Falkland Islands, sa ngayon.

Ang labingisa (11) sa labingdalawang (12) mga indibidwal ay nakapag-kumpleto na ng self-isolation o gamutan.

Tandaan: Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam at nakararanas ng sintomas tulad ng sa trankaso at ikaw ay nag-aalala na maaaring ikaw ay may COVID-19, tawagan ang ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG direktang pumunta sa KEMH.

MAS MABILIS NA PAGSUSURI

Ang pag-asam ng mas mabilis na pagsusuri ng mga swabs mula sa Falkland Islands para sa potensyal na kaso ng COVID-19 ay nalalapit na at inaasahan ang pagdating ng isang analyser machine.

Ibig sabihin lang nito ay makakapagsagawa na dito ng pagsusuri ng mga swabs gamit ang machine at hindi na kailangan ipadala pa sa UK.

Ang analyser at ang mga kasama nitong equipment ay naka-schedule na dumating sa katapusan ng linggong ito.

Magkakaroon ng ilang araw na pagsisimula, kalibrasyon ng machine, at pagsasanay sa KEMH. Susundan ito ng mga trial tests para masiguro ang ganap na kawastuhan, bago makapagsimulang i-proseso ang mga swabs dito.

Kami ay magbibigay ng update tungkol sa pagsulong nito sa susunod na linggo.